Tagalog

# His Hand Ready to Help Us

By Elder Juan Pablo Villar
*Of the Seventy*

# Handa Tayong Tulungan ng Kanyang Mapagpalang Kamay

Ni Elder Juan Pablo Villar
*Ng Pitumpu*

October 2024 general conference

---

*As we reach out to Jesus Christ in faith, He will always be there.*

*Kung umaasa tayo kay Jesucristo nang may pananampalataya, Siya ay palaging naririyan.*

When I was a child, as a family we went on vacation to a beach on the coast of my native country, Chile. I was excited to spend some days enjoying the summer with my family. I was also thrilled because I thought I could finally join in and do what my two older brothers usually did for fun on the water.

Noong bata pa ako, nagbakasyon kami ng buong pamilya ko sa isang dalampasigan sa baybayin ng bansang pinagmulan ko, ang Chile. Nagalak ako dahil makakasama ko ng ilang araw ang aking pamilya na nagsasaya sa panahon ng tag-araw. Natuwa rin ako dahil akala ko, sa wakas, makakasali na ako at magagawa ko na ang karaniwang pinagkakatuwaan ng dalawang kuya ko sa tubig.

One day my brothers went to play where the waves were breaking, and I felt big and mature enough to follow them. As I moved toward that area, I realized the waves were larger than they appeared from the shore. Suddenly, a wave rapidly approached me, taking me by surprise. I felt like the power of nature had taken over me, and I was dragged into the depths of the sea. I couldn't see or feel any reference point as I was tossed around. Just as I thought my adventure on the earth might be coming to an end, I felt a hand pulling me toward the surface. Finally, I could see the sun and catch my breath.

Isang araw, nagpunta ang mga kapatid ko para maglaro kung saan humahampas ang mga alon, at naisip ko na malaki na ako at nasa tamang edad na para gayahin sila. Nang makalapit na ako sa dakong iyon, napagtanto ko na mas malalaki ang alon kaysa sa natatanaw ko mula sa dalampasigan. Biglang isang alon ang mabilis na rumagasa sa akin na ikinagulat ko. Sa pakiwari ko ay sinakluban ako ng kapangyarihan ng kalikasan, at kinaladkad ako sa ilalim ng dagat. Wala akong makita o maramdamang makakapitan habang sinisiklot ako ng mga alon. Nang sumaisip ko na ito na marahil ang katapusan ng pakikipagsapalaran ko sa mundo, naramdaman kong may kamay na humihila sa akin pataas. Sa wakas, nasilayan ko na ang araw at habul-habol ko ang aking hininga.

My brother Claudio had seen my attempts to act as a grown-up and had come to my rescue. I was not far from the shore. Even though the water was shallow, I was disoriented and had not realized I could have helped myself. Claudio told me that I needed to be careful and, if I wanted, he could teach me. Despite the gallons of water I had swallowed, my pride and desire to be a big

Nakita pala ng kapatid kong si Claudio ang mga pagtatangka kong kumilos na parang matanda at sumaklolo siya sa akin. Malapit lang ako sa dalampasigan. Kahit mababaw ang tubig, nataranta ako at hindi ko naisip na matutulungan ko ang sarili ko. Sinabihan ako ni Claudio na kailangan kong mag-ingat at, kung gusto ko, maaari niya akong turuan. Sa kabila ng ga-

boy were stronger, and I said, "Sure."

lun-galong tubig na nainom ko, mas malakas ang kayabangan at pagnanais kong ipakita na malaki na ako, at sinabi kong, "Sige."

Claudio told me I needed to attack the waves. I told myself I would surely lose that battle against what seemed like a huge wall of water.

Sinabi ni Claudio sa akin na kailangan kong salubungin ang mga alon. Nasabi ko sa sarili ko na tiyak na matatalo ako ng ga-pader na taas ng tubig na iyon.

As a new big wave approached, Claudio quickly said, "Look at me; this is how you do it." Claudio ran toward the incoming wave and dove into it before it broke. I was so impressed with his dive that I lost sight of the next incoming wave. So again I was sent to the depths of the sea and tossed by the forces of nature. A few seconds later, a hand grasped mine, and I was again pulled toward the surface and air. The flame of my pride was extinguishing.

Nang papalapit na ang isang bagong alon na malaki, agad na sinabi ni Claudio, "Tingnan mo ako; ganito ang gagawin mo." Patakbong sinalubong ni Claudio ang alon at nag-dive bago ito humampas. Napahanga ako nang husto sa pag-dive niya kaya hindi ko napansin ang paparating na alon. Kaya nga, muli akong humantong sa ilalim ng dagat at siniklot ng pwersa ng kalikasan. Ilang segundo ang lumipas, isang kamay ang humawak sa akin, at muli akong iniahon sa tubig at nakalanghap ng hangin. Nagsimulang mamatay ang nag-aapoy na kayabangan ko.

This time my brother invited me to dive with him. As per his invitation, I followed him, and we dove together. I felt as if I was conquering the most complicated challenge. Certainly, it was not very easy, but I did it, thanks to the help and example shown by my brother. His hand rescued me twice; his example showed me how to deal with my challenge and be victorious that day.

Sa pagkakataong ito, niyaya ako ng kapatid ko na sabayan siya sa pag-dive. Sa kanyang pagyaya, sumunod ako sa kanya, at sabay kaming nag-dive. Nadama ko na tila matagumpay kong nagawa ang pinakakomplikadong hamon sa akin. Ang totoo, hindi ito kadalian, ngunit nagawa ko ito, salamat sa tulong at halimbawang ipinakita ng aking kapatid. Dalawang beses akong sinagip ng kanyang kamay; ipinakita sa akin ng kanyang halimbawa kung paano haharapin ang hamon sa akin at maging matagumpay noong araw na iyon.

President Russell M. Nelson has invited us to think celestial,and I want to follow his advice and apply it to my summer story.

Inanyayahan tayo ni Pangulong Russell M. Nelson na mag-isip nang selestiyal,at nais kong sundin ang kanyang payo at ihalintulad ito sa aking kuwento noong tag-araw na iyon.

## The Savior's Power over the Adversary

## Ang Kapangyarihan ng Tagapagligtas Laban sa Kaaway

If we think celestial, we will understand that in our lives we will face challenges that seem greater than our capacity to overcome them. During our mortal time, we are subject to the attacks of the adversary. Like the waves that had power over me that summer day, we can feel powerless and want to give in to a stronger fate. Those "malicious waves" could jostle us from side to side. But do not forget who has power over those waves and, in fact, over all things.That is our Savior, Jesus Christ. He has the power to help us out of every miserable condition or adverse situation. Regardless of whether we feel close to Him, He still can reach us where we are as we are.

Kung nag-iisip tayo nang selestiyal, mauunawaan natin na haharap tayo sa mga hamon ng buhay na tila mas malaki pa kaysa sa ating kakayahang madaig ang mga ito. Sa buhay natin sa mundo, makakaranas tayo ng pag-atake ng kaaway. Tulad ng mga alon na dumaig sa akin noong tag-araw na iyon, maaari maramdaman natin na nauubusan tayo ng lakas at nais na magtangay na lamang sa mas malakas na impluwensya. Maaari tayong siklut-siklutin ng "masasamang alon" [ng buhay]. Ngunit huwag kalimutan kung sino ang may kapangyarihan sa mga alon na iyon, at, sa katunayan, sa lahat ng bagay. Siya ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo. May

kapangyarihan Siya na tulungan tayo sa bawat miserableng kalagayan o masamang sitwasyon. Nararamdaman man natin o hindi na malapit tayo sa Kanya, kaya pa rin Niya tayong abutin saanman at kung sinuman tayo ngayon.

As we reach out to Him in faith, He will always be there, and in His time, He will be ready and willing to grasp our hands and pull us up to a safe place.

Kapag lumalapit tayo sa Kanya nang may pananampalataya, nariyan Siya sa tuwina, at sa Kanyang takdang panahon, handa at sabik Siyang hawakan nang mahigpit ang ating mga kamay at hilahin tayo paakyat sa ligtas na lugar.

## The Savior and His Ministering Example

If we think celestial, we will recognize Jesus Christ as a flawless example of ministry. There is a pattern for us in the scriptures when He or His disciples reach out to someone in need of help, rescue, or a blessing as they reach out with their hands.As in my story, I knew my brother was there, but being there for me was not enough. Claudio knew I was in trouble, and he went to help lift me from the water.

Occasionally, we think that we only need to be there for someone in need,and many times there is more we can do. Having an eternal perspective can help us receive revelation to offer timely assistance to others in need. We can rely on the guidance and inspiration of the Holy Ghost to discern what kind of help is needed, whether it is temporal support like emotional comfort, food, or aid with daily tasks, or spiritual guidance to help others in their journey to prepare, make, and honor sacred covenants.

## Ang Tagapagligtas at Halimbawa ng Kanyang Paglilingkod

Kung nag-iisip tayo nang selestiyal, makikilala natin si Jesucristo bilang halimbawa ng walang-kapintasang paglilingkod. May huwaran para sa atin sa mga banal na kasulatan sa tuwing tumutulong Siya o ang Kanyang mga disipulo sa isang taong nangangailangan ng pagkalinga, pagsagip, o pagpapala na hinahawakan ng kanilang mga kamay.Tulad sa kuwento ko, alam kong naroon ang kapatid ko, ngunit hindi naging sapat para sa akin na naroon lamang siya. Alam ni Claudio na nasa panganib ako, at lumapit siya para tulungan ako na iangat sa tubig.

Kung minsan, akala natin ay sapat nang nasa tabi tayo ng taong nangangailangan ng tulong, at sa maraming pagkakataon, higit pa riyan ang magagawa natin. Ang pagkakaroon ng walang-hanggang pananaw ay makatutulong sa ating makatanggap ng paghahayag para mabigyan ng napapanahong tulong ang iba pang nangangailangan. Makaaasa tayo sa patnubay at inspirasyon ng Espiritu Santo upang maunawaan kung anong uri ng tulong ang kailangan, kung ito man ay temporal na suporta tulad ng kapanatagan ng damdamin, pagkain, o tulong sa mga gawain sa araw-araw, o espirituwal na patnubay para tulungan ang iba sa kanilang paglalakbay na maghanda, gumawa, at tumupad ng mga sagradong tipan.

## The Savior Is Ready to Rescue Us

When Peter, the senior Apostle, "walked on the water, to go to Jesus, … he was afraid; and beginning to sink"; then "he cried, saying, Lord, save me."Jesus knew the faith Peter had exercised to come unto Him on the water. He was also aware of Peter's fear. According to the account, Jesus "immediately … stretched forth his hand,

## Handa ang Tagapagligtas na Sagipin Tayo

Noong si Pedro, na senior na Apostol, ay "lumakad sa ibabaw ng tubig, patungo kay Jesus … natakot siya, at nang siya'y papalubog" ay "sumigaw siya, Panginoon, iligtas mo ako."Alam ni Jesus ang pananampalatayang ipinakita ni Pedro para lumapit sa Kanya sa ibabaw ng tubig. Alam din Niya ang takot na naramdaman ni Pedro.

and caught him," saying the following words: "O thou of little faith, wherefore didst thou doubt?"His words were not to scold Peter but to remind him that He, the Messiah, was with him and the disciples.

Ayon sa salaysay, "inabot kaagad ni Jesus ang kamay niya at hinawakan siya," na sinasabi ang mga salitang ito: "O ikaw na maliit ang pananampalataya, bakit ka nag-alinlangan?"Ang Kanyang mga salita ay hindi upang pagalitan si Pedro, kundi ipaalala sa kanya na Siya, ang Mesiyas, ay kasama niya at ng mga disipulo.

If we think celestial, we will receive the confirmation in our hearts that Jesus Christ is indeed our Rescuer, our Advocate with the Father, and our Redeemer. As we exercise faith in Him, He will save us from our fallen state, beyond our challenges, infirmities, and needs in this temporal life, and give us the greatest of all gifts, which is eternal life.

Kung nag-iisip tayo nang selestiyal, matatanggap natin ang kumpirmasyon sa ating puso na si Jesucristo nga ang ating Tagapagligtas, ang ating Tagapamagitan sa Ama, at ang ating Manunubos. Kapag sumampalataya tayo sa Kanya, ililigtas Niya tayo mula sa ating makasalanang kalagayan, higit pa sa ating mga hamon, karamdaman, at pangangailangan sa temporal na buhay na ito, at ibibigay sa atin ang pinakadakila sa lahat ng kaloob na buhay na walang hanggan.

## The Savior Does Not Give Up on Us

My brother did not give up on me that day but persisted so I could learn how to do it for myself. He persisted, even if that required rescuing metwice. He persisted, even if I could not get it at first. He persisted so I could overcome that challenge and succeed. If we think celestial, we will realize that our Savior will be there as many times as necessary to provide help if we want to learn, change, overcome, cope, or succeed in whatever will bring true and everlasting happiness to our lives.

## Hindi Tayo Sinusukuan ng Tagapagligtas

Hindi ako pinabayaan ng kapatid ko noong araw na iyon, bagkus ay nagpumilit siya para matuto ako kung paano gawin ito para sa aking sarili. Nagpumilit siya, kahit pa kinailangan niya akong iligtas ngdalawang beses. Nagpumilit siya, kahit hindi ko ito natutuhan noong una. Nagpumilit siya para malagpasan ko ang hamong iyon at magtagumpay. Kung nag-iisip tayo nang selestiyal, mapagtatanto natin na mananatiling nariyan ang ating Tagapagligtas gaano man karaming ulit na kakailanganin natin ng tulong kung nais nating matuto, magbago, manaig, makaya, o magtagumpay sa anumang magdudulot ng tunay at walang hanggang kaligayahan sa ating buhay.

## The Savior's Hands

The scriptures immortalize the symbol and significance of the Savior's hands. In His atoning sacrifice, His hands were pierced by nails to affix Him to the cross. After His Resurrection, He appeared to His disciples in a perfect body, but the prints in His hands remain as a reminder of His infinite sacrifice.His hand will always be there for us, even if we cannot see it or feel it at first, because He was chosen by our Heavenly Father to be our Savior, the Redeemer of all humankind.

## Ang mga Mapagpalang Kamay ng Tagapagligtas

Binigyang-buhay ng mga banal na kasulatan ang simbolo at kahulugan ng mga mapagpalang kamay ng Tagapagligtas. Sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, ipinako ang Kanyang mga kamay upang mailagay Siya sa krus. Matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, nagpakita Siya sa Kanyang mga disipulo sa perpektong katawan, ngunit ang mga bakas ng pako sa Kanyang mga kamay ay nananatili bilang paalala ng Kanyang walang-hanggang sakripisyo.Ang Kanyang mapagpalang kamay ay laging nariyan para sa atin, bagama't hindi natin ito nakikita o nadarama sa simula, dahil pinili Siya ng ating Ama sa Langit

Within Our Grasp, by Jay Bryant Ward

The Hand of God, by Yongsung Kim

If I think celestial, I know that we are not left alone in this life. While we must face challenges and trials, our Heavenly Father knows our capabilities and knows we can bear or overcome our difficulties. We must do our part and turn to Him in faith. His Beloved Son, Jesus Christ, is our rescuer and will always be there. In His name, the sacred name of Jesus Christ, amen.

na maging ating Tagapagligtas, ang Manunubos ng buong sangkatauhan.

Within Our Grasp [Abot-kamay Natin], ni Jay Bryant Ward

The Hand of God [Ang Kamay ng Diyos], ni Yongsung Kim

Kung nag-iisip ako nang selestiyal, alam kong hindi tayo iiwang mag-isa sa buhay na ito. Bagama't kailangan nating humarap sa mga hamon at pagsubok, alam ng ating Ama sa Langit ang ating mga kakayahan at alam Niya na makakaya o malalampasan natin ang ating mga paghihirap. Kailangang gawin natin ang ating parte at bumaling sa Kanya nang may pananampalataya. Ang Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo ay ating tagapagligtas at laging nariyan. Sa Kanyang pangalan, ang sagradong pangalan ni Jesucristo, amen.